



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021 - 027 Serye 2021

KAUTUSANG NAG-AAMYENDA SA (3), (10) at (13) NG TUNTUNIN 1 AT TUNTUNIN 4 NG KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021-026 NA PINAGTIBAY NOONG HULYO 31, 2021 KAALINSABAY ANG PAG-ADOPT SA MUNICIPAL ORDINANCE NO. 2020-265 NG SANGGUNANG BAYAN NG BULAKAN MAY TITULONG "AN ORDINANCE PROVIDING FOR THE QUARANTINE OF PERSONS CONFIRMED OR SUSPECTED WITH COVID-19, ADOPTION OF PREVENTIVE MEASURES, INTENSIFY SURVEILLANCE FOR PERSONS WITH RESPIRATORY SYMPTOMS AND INCREASE LOCAL RESPONSE FOR POSSIBLE COMMUNITY TRANSMISSION" UPANG MAS PAIGTINGIN ANG PAGPAPATUPAD NG "GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ) WITH HEIGHTENED RESTRICTIONS" SA BAYAN NG BULAKAN MULA IKA-12 HANGGANG IKA-20 NG AGOSTO, 2021.

SAPAGKAT, ang Bayan ng Bulakan ay kabilang sa sumasailalim sa klasipikasyong pangkuwarantinang General Community Quarantine with heightened restrictions mula ika-1 hanggang ika-15 ng Agosto, 2021 ayon sa Resolusyon ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) na nagpapalit-palit mula nang ang buong bansa ay isailalim sa State of Calamity dahil sa COVID-19 pandemic;

SAPAGKAT, nakababahala ang paglobo ng bilang ng mga nagpositibo sa Coronavirus Disease (COVID-19) sa loob lamang ng ilang araw kung saan ay nakapagtala ng Isandaan at Siyamnapu't Walong (198) kaso ng nagpositibo kabilang ang ilang namatay na mga mamamayan sa Bayan ng Bulakan base sa ulat ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan may petsang Agosto 11, 2021;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Bulakan ay naglalayong mapigilan ang patuloy na paglaganap ng COVID-19 at iba't ibang variant nito sa mga mamamayan kaya't paiigtingin ang pagpapatupad ng mga umiiral na Batas at Ordinansa kabilang dito ang Pambayang Kautusan Blg. 2020-265 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan noong Marso 19, 2020;

SAPAGKAT, isinasaad ng Tuntunin 3 ng Executive Order No. 27 ni Igg. Daniel R. Fernando, Punong Lalawigan ng Bulacan, na nag-aatas sa Himpilan ng Pulisya at iba pang ahensyang pangkapayapaan na *"strictly enforce their boarder control policies"*;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod na panuntunan:

TUNTUNIN 1. PAG-AMYENDA. Inaamyendahan ang (3), (10), (13) ng Tuntunin 1 at Tuntunin 4 ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 2021-026 na pinagtibay noong Hulyo 31, 2021 upang mas mapaiigting ang pagpapatupad ng "General Community Quarantine (GCQ) with Heightened Restrictions" sa Bayan ng Bulakan mula ika-12 hanggang ika-15 ng agosto, 2021. Ang bagong kautusan sa mga nabanggit na Tuntunin ay ang sumusunod:

"(3.) **MASS GATHERINGS.** Ang tinatawag na **MICE events** o ang **meetings, incentives, conventions, and exhibitions** kabilang ang iba't ibang **social events** sa mga **events place** at mga **tahanan** na kinakailangan ang pagdalo ng mga hindi kabilang sa tahanan ay pansamantalang **HINDI PINAPAYAGAN at PINAPAYUHANG IPAGPALIBAN;**"

"(10.) **RELIGIOUS GATHERINGS.** Sa mga bahay Sambahan, Dalanginan at iba pang kauri nito, kabilang ang luksang parangal, burol, libing at iba pang kahalintulad nito ay pinapayagan ng hanggang **ten percent (10%) venue/seating capacity** lamang at nasusunod ang mga panuntunang pangkalusugan;

Ipinagpapatuloy ang pagdaraos ng mga regular na gawain sa pamamagitan ng virtual o online streaming.

Maaaring magkaroon ng burol ang namayapa dahil sa COVID-19 kung ang dadalo ay immediate family lamang at nasusunod ang minimum health protocols bago iburol, sa panahon ng burol at paglilibing."

"(13.) **PAGPAPATUPAD NG LIQUOR BAN.** Ang pagbebenta, pagbili, pagdadala at pag-inom ng nakalalasing na inumin ay mahigpit na ipinagbabawal sa pampubliko at pampribadong lugar hanggang Agosto 20, 2021."

"**TUNTUNIN 4. PAGPAPATUPAD.** Ang Himpilan ng Pulisya, mga Punong Barangay at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaatasang maglagay at mahigpit na ipatutupad ang **Border Control Policies** kaalinsabay ang pagpapatupad ng nilalaman ng Kautusang ito."

TUNTUNIN 2. PAGPAPATUPAD NG "COVID-19 ORDINANCE OF 2020". Ini-adopt ng Kautusang ito ang Municipal Ordinance No. 2020-265 na pinagtibay noong Marso 19, 2020 ng Sangguniang Bayan ng Bulakan, may titulong "*An Ordinance Providing For The Quarantine Of Persons Confirmed Or Suspected With Covid-19, Adoption Of Preventive Measures, Intensify Surveillance For Persons With Respiratory Symptoms And Increase Local Response For Possible Community Transmission*", na iiral habang nasa panahon ng pandemya kabilang ang takdang kaparusahan sa mga mahuhuling lalabag para sa mga sumusunod na probisyon nito. (Lakip bilang Annex "A")

TUNTUNIN 3. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 4. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic.

TUNTUNIN 5. PAGKAKABISA. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-11 ng Agosto, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan